
NSW GOVERNMENT | Education




# Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

**Workplace Learning**
**Information for Parents and Carers**

Filipino

**Ang papel ng mga magulang at tagapag-alaga ay napakamahalaga sa kaunlaran ng anumang programa ng pag-aaral sa lugar ng trabaho. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa tahanan, kayo ay makakatulong sa inyong anak na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang kinabukasan at makiinabang sila ng husto sa kanilang mga karanasan sa lugar ng trabaho.**

## Workplace Learning (Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho)

Ang mga programa ng pag-aaral sa lugar ng trabaho ay bahagi ng kurikulum ng paaralang sekundaryo sa NSW. Nagbibigay ito ng panahon sa mga estudyante na makaranas ng ilang oras na pagtatrabaho. Ang karanasang ito ay magpapatingkad sa kanilang pag-aaral sa loob ng paaralan, makakatulong sa pagpili ng kanilang karera at makakadagdag ng kanilang kaalaman sa industriya.

## Ang mga Benepisyo ng Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho

Ang Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho ay nakakatulong sa mga estudyante na:

- makakadagdag ng kanilang pangkalahatang kakayahan na magtrabaho katulad ng komunikasyon sa lugar ng trabaho at samahang pagtatrabaho.
- magkakaroon ng mga kakayahan sa isang partikuar na industriya, kaugnayan sa kurso ng Vocational Education and Training (Edukasyong Bokasyonal at Pagsasanay (VET)).
- makakapagdesisyon base sa tamang impormasyon kung nagpaplano tungkol sa mga aralin sa paaralan at karera pagkatapos ng pag-aaral.

## Mga Programa ng Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho

**Karanasan sa Trabaho** (Work Experience) ay karamihang ginagawa ng mga estudyante sa Years 9 o 10 o kung minsan  sa Years 11 at 12. Nagbibigay ito ng mga pangkalahatang panimulang impormasyon tungkol sa 'world of work' (mundo ng trabaho) at mga posibleng karera. Ang mga estudyante ay nagkakaroon ng mga munting trabaho na nababagay sa lebel ng kanilang kakayahan.

Ang mga programa sa **pagkakapwestong magsanay magtrabaho** (work placement) ay dinisenyo para sa mga estudyante nakapagtala sa mga kurso ng Higher School Certificate (Sertipiko ng Mas Mataas na Pag-aaral) (HSC) na kinikilala ng industrya. Habang nasa pagkakapwestong magsanay, ginagamit ng mga estudyante ang kanilang natutunan sa mga pinag-aaralan upang matapatan nila ang pamantayan sa industriya. Ang pagkakapwestong magsanay magtrabaho (work placement) ay kinakailangan sa HSC.sa mga kursong mga partikular na kurikulum na pang-industriya. Ang paaralan  ang magbubuo ng pagkakapwestong magsasanay magtrabaho sa pamamagitan ng Work Placement Service Provider (Ang Tagapagbigay ng Serbisyong Pagkakapwestong Magsanay Magtrabaho.

## Mga kaayusan sa pagbibiyahe

Karamihan sa mga puwesto ng pagsasanay ay mabibiyahe mula sa bahay.

Lahat ng mga pagbibiyahe ay tutustusan ng estudyante. Inaasahan na tutulungan ninyo ang inyong anak sa mga pangangailangan niya sa pagbibiyahe pati ang gastos sa pasahe habang nasa pagsasanay.

Kung kayo ay may problema tungkol dito, pag-usapan ito kasama ang inyong anak at ang ang namamahala sa programa.

**Tala:** Kung ang inyong anak ay may balak na magkaroon ng pagsasanay sa trabaho (placement) na nasa malayo sa bahay o sa labas ng estado, tawagan niyo muna ang paaralan ng inyong anak. May mga karagdagang papeles ang kailangang dapat makumpleto bago maaprubahan ng Punong-Guro kung bagay sa pagkapwesto sa pagsasanay.

## Kaligtasan at mga pandagliang pangangailangan ng estudyante

Ang kaligtasan ng estudyante at proteksyon ng bata ang unang prayoridad ng NSW Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng NSW).

Ang mga nag-anyayang taga-empleyo ay kinakailangang agad-agad na mag-ulat sa paaralan kung may anumang masamang nangyari sa kalusugan o kaligtasan pati na ang mga kamuntikang mangyari habang may mga estudyanteng naka-pwestong magsasanay. Dapat ding ipagbigay–alam sa TAFE o samahang pangpribado o komunidad kung sila ang nagpapasanay. Ang ilang mga gawain ay maaaring talagang ipinagbabawal, habang ang ilan ay may mga kondisyon. Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring bumisita sa: https://education.nsw.gov.au/teaching-and-learning/curriculum/career-learning-and-vet/workplace-learning/keeping-students-safe

Ang inyong anak ay magdadala ng isang Student Contact Card (Karta ng Detalye ng Estudyante) kung saan nakalagay ang kanyang numero sa Medicare

(o numero ng telepono ng kanyang doktor) at mga maaaring matawagan sa loob at labas ng oras ng trabaho. Ang impormasyong ito ay kinakailangan kung sakaling may pandagliang pangangailangan.

Kinakailangang mag-ulat kaagad ang mga estudyante sa mga taga-empleyo, paaralan, TAFE o pribado o samahan sa komunidad na rehistradong nagpapasanay sa pinakamadaling panahon ngunit dapat sa loob ng 24 oras kung mayroon silang mga agarang pag-aalala

o mga peligro o pangyayaring hindi maganda. Kung ang inyong anak ay may mga problema, nagkapinasala o nag-aalalang napapahamak at hindi niya kayang magsumbong sa nag-imbitang taga-empleyo, dapat nilang tawagan kaagad ang kanilang paaralan o ang matatawagang telepono ng pangdagliang pangangailangan.

## Paseguro at pagkabayad sa pinsala

Ang Kagawaran ay may kaayusan tungkol sa mga paseguro para sa mga estudyanteng napinsala habang nasa mga aprobadong pagsasanay sa lugar ng trabaho. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang Workplace Learning Guide for Parents and Carers (Gabay sa Pag-aaral sa Lugar ng Trabaho para sa mga Magulang at Tagapag-alaga) na nasa "link" sa ibaba: https://education.nsw.gov.au/teaching-and-learning/curriculum/career-learning-and-vet/workplace-learning/guides-and-forms

## Ang mga estudyanteng may kapansanan o sakit

Kailangang ipaalam sa paaralan, TAFE o pribado o rehistradong samahan ng tagapagsanay sa komunidad kung mayroon silang kapansanan, mga pangangailangang tulong sa pag-aaral, sakit (kagaya ng: may peligro sa anaphylaxis o alergiya) o mga pagbabawal na nakakaapekto sa kaligtasan, kapakanan at pagkakapamahala sa inyong anak habang nasa lugar ng trabaho.

Ang plano tungkol sa kalusugan ay maaaring kinakailangan ipakita sa mga taga-empleyo. Kung hindi kayo sigurado, kausapin ang doktor ng inyong anak.

Kung ang inyong anak ay nangangailangan ng anumang dapat baguhin sa lugar ng trabaho upang mapagbigyan ang kanilang kinakailangang tulong, pag-uusapan ito sa paaralan na kasama ang TAFE o ang pribado o rehistradong samahan ng tagapagsanay sa komunidad sa panahon ng pagpaplano. Ang impormasyong ito ay isasama sa Student Placement Record (Ulat sa Pagkakapwestong Mag-aral Magtrabaho) ng inyong anak.

## Dagdag na impormasyon

1. Tawagan ang paaralan ng inyong anak dahil sila ang may programa ng pag-aaral para inyong anak.
2. Maaari rin ninyong tawagan ang Senior Pathways Officer na responsable sa pag-aaral sa lugar ng trabaho sa lokal na opisina ng Kagawaran. Maaaring humingi ng detalye ng matatawagan mula sa paaralan.
3. Kung kailangan ninyo ng isang interpreter, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (Telephone Interpreting Service) sa 131 450.

***Senior Pathways, Pathways and Transitions***
*NSW Department of Education*
*seniorpathways@det.nsw.edu.au*